



Mga Pagbabagong ginawa sa sistema ng “child allowance” simula Abril. Ang bagong “Kodomo Teate”(child allowance) ay pinalitan ng “Jidou Teate”(student allowance). Magulang at tagapag-aruga ay makakatanggap ng buwanang “allowance” sa bawat bata. “Income limits” ay dinagdagan. Maari po lamang na sundin ang panuntunan ng mas maaga. Ang “allowance”

● Iskedyul ng “New Child Allowance System” (★ang halaga ng bawat bata ay makikita sa ibaba )

Abril, 2010	“Child Allowance bill” ay ipapatupad. (Ika -1 ng Abril) “Local governments” tatanggap ng bagong miyembro para dito.
Hunyo, 2010	★Unang Bayad (26,000 yen, Ang “allowance” ng Abril at Mayo.)
Oktubre, 2010	★Pangalawang Bayad (52,000 yen, Ang “allowance” para sa Hunyo-Setyembre)
Pebrero, 2011	★Pangatlong Bayad (52,000 yen, Ang “allowance” para sa Oktubre – Enero)

◆Local Governments Inquiries

Fujimi-city⇒Kosodate Shien Ka

(Childcare support section)

☎ 2 5 1 - 2 7 1 1

Fujimino-city⇒Kosodate Shien Ka

(Childcare support section)

☎ 2 6 2 - 9 0 3 3

Miyoshi-town⇒

Kodomo Shien Ka, Jidou Fukushi Gakari

(Child support, child welfare section)

☎ 2 5 8 - 0 0 1 9

★Ang “child allowance” ay ipagkakaloob sa bawat bata hanggang sa ikatlong grado sa “junior high school

Sa Japan, ang bilang ng kabataan ay tuluyang bumababa. Ang kabataan ay ating yaman. Para sa malusog na paglago ng kabataan, at katuwang sa pag-aaruga ng kabataan sa kabuuan ng “society”, ang “child allowance system” ay pinalitan mula sa “Jidou Teate”(student allowance) sa “Kodomo teate”(child allowance).

**Simula sa Abril, ang bagong “child allowance” “kodomo teate” ay ipagkakaloob sa magulang ng bawat bata hanggang makatapos ng “junior high school”.**

**Banyagang residente ay kasali din sa “allowance”.**

Magulang o tagapag-aruga ay makakatanggap ng “child allowance” sa bawat bata edad ng “junior high school” (hanggang Ika-31 ng Marso ng “school year” kung saan siya maging labinglimang taong gulang) o mas bata pa.

Ang halaga ng “allowance” ay 13,000 yen.

★ Banyagang residente ay may karapatan din sa “allowance”, kahit na ang kanilang anak ay nakatira “overseas”.

Ang aplikasyon para sa “child allowance” ay ipapadala sa karapat-dapat na mamayan mula sa “municipal office” sa kalagitnaan ng Abril. Maaring ikaw ay nakatanggap na nito. Sa simula, maaring pumunta sa “municipal office” at sundan ang proseso. Kahit na ang inyong mga anak ay nasa inyong bansa, ikaw ay karapat dapat dito. Maari po lamang na mag sumiti ng kailangang dokumento sa pag aplay ng “allowance”. Sa ilalim ng “special measure”, kung ma kumpleto ang proseso ng aplikasyon hanggang Setyembre ang “allowance” ay babayaran simula ng Abril.

★DKailangan ko bang mag-aplay?

① Sa mga nakakatanggap na ng “Jidou Teate” hanggang Ika-31 ng Marso, at sa mga “first-year junior high school” at mas bata pa (katulad ng sa edad ng “preschool”) hindi na kailangang mag aplay. Sa mga merong nasa “second” at “third-year” junior high school na kabataan ay kailangang mag-aplay.

② sa mga hindi nakakatanggap ng “allowance” sa dahilan ng “income limitation” kailangan ding mag-aplay.

★Dokumentong kailangan sa pag-aplay

① “Passbook” ng aplikante para sa ordinaryong deposito.

② “Health insurance card”(kung kasali sa “employees' pension”) ③ Seal

Ang unang bayad ay gaganapin sa Hunyo. (tignan ang nakasaad sa itaas). Upang matanggap ng nasa oras, kailangang mag-aplay sa “mid- May”. Maari po lamang na intindihing maigi ang sistema at mag-aplay ng mas maagap.

**“Public high school tuition-waiver” umpisa sa Abril.**

Simula sa Abril, mag-aaral ng “public high schools” ay malilibre na sa “tuition”. Ang batas ukol “high school tuition fees” na ang “central government” ang magbabayad ng taunang “tuition”. (aabot ng mga 120,000 yen bawat mag-aaral) Ibig sabihin na ang mga mag-aaral ng “public high schools” ay hindi na pagbabayaran. Ang “private schools” ay magbabayad ng halos 120,000 yen at 240,000 yen bawat mag-aaral sa bawat taon depende sa “household income” Sa mga nag-aaral sa “private high schools” ang magkakaroon ng konting bayarin.

“National” at “public high school”, “private high school”, “specialized vocational high school” at “advanced course of special course school” ay may karapatan sa tulong na ito. Paaralan ng mga Banyaga ay maari din sa karapatan na ito kung kaparehas sa Japanese senior high schools. Maari po lamang alamin sa embahada ng inyong bansa. (“tinaguriang” International schools ”)

Ang “education ministry” ay bubuo ng “advisory body” na eksperto upang magsagawa ng panuntunan sa tulong na ipagkaloob sa “pro-Pyongyang” “Korean schools” hanggang sa katapusan ng tag-init.

**“Panuntunan sa pag-upa ng Bahay sa Japan”**

Para sa banyaga, ang paghahanap ng mauupahang bahay ay maaring sakit sa ulo.

"Gaikokuseki kenmin no tame no Chintai Jutaku no karikata・Sumutoki no ru-ru" Ito ay panuntunan sa paupahang bahay dito sa

Japan, “published by”: International Division, Department of Public Services, Saitama Prefectural Government. Naglalaman ng mahahalagang “tips” upang maka kuha ng uupahang bahay. Ito ay isinalin sa Chinese, Portuguese, at ibp Ito rin ay “easy-to-read” na panuntunang aklat.

Ang nilalaman ay kontrata, bayarin, kabuuhan upa sa bahay, pamaraan ng paglipat, at ibp. Ang FICEC “guide book”.

Kung kailangan mo, maaring tumawag o tawagan ang International Division, Saitama Prefectural Government. (☎048-830-2717)



**Kakaibang kaugalian ng Hapones sa Banyaga**

**Ayumi Kanda**

May mga taong naka gaya na sa kaugalian sa pagbabago ng kapaligiran kamakailan lang sa dahilang sa Japan ang Abril ay simula ng “taon” tulad ng “school year” at “fiscal year”. Kaya ang topiko ngayong buwan ay “May sick” ito ay isang uri tulad ng “melancholy”. Pag “adapt” sa bagong kapaligiran ay mahirap sa isang Hapones upang magsimula ng panibagong buhay na merong inaasahan mula Abril, kaya kalimitan nakakaramdam ng kalungkutang matapos ang “Golden week” ng Mayo.

Tutuong ibigsabihin ng “May sick” ay “inactive students” na nawalan ng nais nung pumasok sa unibersidad pagkatapos ng mahirap na pagsusulit. Ito masasabi sa maraming hapones. Ang maiging kagalingan upang mabawasan ang stress ay makipagkita sa mga dating kasama, at dating mga kaibigan sa paaralan. Inirerekomenda ko na makpagkita sa dating kaeskwela at bumisita sa FICEC. Siguradong makakita ng makakagaan sa iyong pakiramdam.

**'Eco point' program is extended.**

Panahon ng “Digital” ay padating na. Ikaw ba ay nakahanda na sa “digital terrestrial broadcast reception”? Ang gobyerno ay nag desisyon sa tinatawag na “eco-point program” hanggang Ika-31 ng Disyembre, 2010. pinahaba na dapat ito ay matatapos nung Marso. “Eco points” ay binibigay sa bawat bili ng “energy-efficient” digital TV sets, refrigerators at air conditioners. Subalit, nakaraang modelo ay hindi maari sa eco points.

Ang proseso ng aplikasyon ay lalong pinadali. Maari po lamang na samantalain ang pagkakataon na ito kung nag pa planong bumili ng “energy-efficient appliances”.

Ang kailangang dokumento ay nakasulat sa ibaba:

- ① Application form (Electrical appliance shop)
- ② Manufacturer's guarantee
- ③ Receipt (Original)
- ④ Home appliance recycling ticket

Para sa mga detalye, maari po makipag-ugnayan sa “electrical appliance shop”.

[www.ficec.jp/living/](http://www.ficec.jp/living/)

● Living Guidance translated in 6 languages is available.